

Mga Madalas Itanong: Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

Ang impormasyong ito ay bago at tama mula Agosto 11, 2021.

1. Ano ang public charge?

Ang public charge ay isang kataga na ginagamit sa batas sa imigrasyon upang ilarawan ang isang taong malamang na umasa sa mga benepisyo mula sa gobyerno bilang suporta.

Ang “public charge” ay isang pagsusuring ginagamit ng US Citizenship and Immigration Services (USCIS) upang magpasya kung sino ang papayagan nilang makapasok sa Estados Unidos, sino ang maaaring mag-renew ng ilang pansamantalang visa, at kung sino ang maaaring makakuha ng Lawful Permanent Residency (LPR)—kilala rin bilang green card. **TANDAAN: Ang public charge ay hindi naaangkop sa mga LPR na nagpe-petition para maging naturalized na mga U.S. citizen.**

2. Kailan ginagamit ng pederal na pamahalaan ang pagsusuri ng public charge?

Naaangkop ang public charge sa limitadong bilang ng mga legal status sa imigrasyon, tingnan ang tanong #10, at sa mga partikular na bahagi lang ng proseso para sa imigrasyon.

Sa pangkalahatan, ginagamit ang pagsusuri ng public charge kapag ang isang tao ay:

- Nag-a-apply para makapasok sa Estados Unidos
- Nag-a-apply para i-adjust ang kanyang status sa imigrasyon para maging isang LPR
- Isang LPR at muling pumapasok sa bansa pagkatapos umalis ng Estados Unidos nang mahigit sa magkakasunod na anim na buwan

3. Nagbago ba ang panuntunan ng public charge?

Noong 2019, sa ilalim ng Administrasyon ni Trump, pinahaba ng pederal na pamahalaan ang listahan ng mga programa na posibleng isaalang-alang sa ilalim ng pagsusuri ng public charge. Gayunpaman, noong 2021, **ipinawalang-saysay** ng Department of Homeland Security (DHS) ang panuntunan ng public charge na ipinatupad noong 2019.

TANDAAN: Mula Agosto 2021, pinag-iisipan ng Administrasyon ni Biden na gumawa ng mga update sa panuntunan ng public charge na babawasan ang takot ng mga imigrante na makakuha ng mga benepisyong pampubliko sa hinaharap. Mahigpit na susubaybayan at magbibigay ng mga update ang Office of Policy gaya ng naaangkop.

4. Ano ang ibig sabihin nito sa mga imigrante?

- Maaaring ligtas na magamit ng mga imigrante ang mga programa sa kalusugan, nutrisyon, at pabahay na kwalipikado sila at ang kanilang pamilya.
- Ang paggamit ng mga imigrante ng Medi-Cal, CalFresh, pabahay sa publiko, o Section 8 voucher na tulong sa upa ay **HINDI NA** isasaalang-alang kapag nag-a-apply ng LPR status o pumapasok sa Estados Unidos.
- Ang mga serbisyo sa paggamot o pag-iwas sa sakit ng mga imigrante para sa COVID-19, kasama ang mga bakuna, ay **HINDI** isasaalang-alang para sa mga layunin ng public charge.

5. Aling mga programa ang patuloy na isasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge?

Kung mag-a-apply ka ng LPR o papasok ng bansa, ang **mga programa lang** na isasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge ay:

Mga Madalas Itanong: Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

- Mga programa ng tulong pinansyal, tulad ng CalWORKs, General Assistance (GA), at Supplemental Security Income (SSI)
- Pangmatagalang pangangalaga sa isang institusyon na binabayaran ng Medi-Cal

Ang paggamit lang ng mga benepisyo ay hindi hahantong sa awtomatikong pagpapasya na posible kang maging isang public charge. Isa lang ito sa mga salik sa maraming isinasaalang-alang kapag gumagawa ng pasya.

6. Nabalitaan ko na kung tumatanggap ako ng CalFresh, magiging mas mahirap para sa akin na makuha ang aking LPR. Totoo ba ito?

Hindi. Hindi isinasaalang-alang ang mga benepisyo mula sa CalFresh sa pagsusuri ng public charge.

7. Nabalitaan ko na kung tumatanggap ako ng Medi-Cal, magiging mas mahirap para sa akin na makuha ang aking LPR. Totoo ba ito?

Hindi. Hindi isinasaalang-alang ang mga benepisyo mula sa Medi-Cal sa pagsusuri ng public charge.

8. Nabalitaan ko na kung nakatira ako sa pabahay na pampubliko o tumatanggap ng voucher sa pabahay o iba pang tulong sa upa, magiging mas mahirap para sa akin na makuha ang aking LPR. Totoo ba ito?

Hindi. Ang pagtira sa pabahay na pampubliko, pagtanggap ng voucher sa pabahay, o iba pang tulong sa upa ay hindi isinasaalang-alang sa pagsusuri ng public charge.

9. Paano kung hindi ako tumatanggap ng anumang benepisyo pero nakakatanggap nito ang aking mga anak. Makakaapekto ba sa aking application para sa LPR ang kanilang paggamit ng mga benepisyo?

Hindi. Ang mga benepisyong natatanggap sa ngalan ng mga anak ay hindi makakaapekto sa application ng indibidwal para sa LPR.

10. Naaangkop ba sa lahat ng imigrante ang huling panuntunan ng public charge?

Hindi, ang sumusunod ay listahan ng mga kategoryang hindi kasama:

- | | |
|--|--|
| • Mga Naturalized na U.S. Citizen | • Deferred Action Childhood Arrivals (DACA) |
| • Mga Lawful Permanent Resident | • Temporary Protected Status (TPS) |
| • Mga Refugee at Mga Nag-asylum | • Mga Espesyal na Imigranteng Afghan at Iraqi |
| • Espesyal na Immigrant Juvenile Status | • Mga indibidwal na binigyan ng relief sa ilalim ng: |
| • Mga U-Visa at T-Visa Holder | ○ CAA |
| • Mga Nag-petition sa Sarili ayon sa Violence Against Women Act (VAWA) | ○ NACARA |
| | ○ HRIFA |

Natatangi ang bawat kaso sa imigrasyon. Patuloy na hinihikayat ng Social Services Agency (SSA) ang mga kliyente at miyembro ng publiko na makipag-ugnayan sa LIBRENG Matatawagang Linya para Humingi ng Payo sa Abugado ng Bay Area Legal Aid sa 1 (800) 551-5554, kung mayroon silang mga tanong tungkol sa kung paano posibleng makaapekto sa kanilang status sa imigrasyon ang paggamit ng mga benepisyong pampubliko. Makakakuha ng tulong sa lahat ng ibang wika.

Mga Madalas Itanong: Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

11. Ginagamit ba ang pagsusuri ng public charge kung mag-a-apply ang isang indibidwal para sa naturalization (citizenship)?

Hindi. Hindi naaangkop ang panuntunan ng public charge sa mga application para sa naturalization (citizenship).

12. May mga tanong ako tungkol sa status sa imigrasyon at kung dapat bang mag-apply ng mga benepisyong pampubliko. Sino ang dapat kong kausapin tungkol sa aking mga tanong?

Hinihikayat ng Social Services Agency ang mga indibidwal at pamilya na humingi ng payo mula sa mga respetadong non-profit na nagbibigay ng serbisyo tungkol sa imigrasyon kasama ang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na referral:

- Asian Pacific Islander Legal Outreach (510) 251-2846
- Bay Area Legal Aid 1 (800) 551-5554 o (510) 250-5270
- Catholic Charities of the East Bay (510) 768-3100
- Centro Legal De La Raza (510) 437-1554
- East Bay Community Law Center (510) 548-4040
- International Institute of the East Bay (510) 451-2846 x 301

13. Nagbago ba ang pagiging kwalipikado para sa mga benepisyong pampubliko?

Hindi. Hindi nagbago ang mga panuntunan para sa mga benepisyo at serbisyo sa publiko ng California. Nananatiling pareho ang mga kinakailangan para maging kwalipikado ang mga indibidwal at pamilya. Magpapatuloy ang Social Services Agency na iproseso ang lahat ng application at renewal at magbibigay ng mga benepisyo sa mga kwalipikadong indibidwal at pamilya gaya ng dati bago magkaroon ng bagong panuntunan ng public charge.

14. Ano ang ibig sabihin nito sa mga indibidwal at pamilya na kasalukuyang tumatanggap ng mga benepisyong pampubliko at may mga nakabinbing kaso sa imigrasyon? Ano ang dapat nilang gawin?

Ang bawat kaso sa imigrasyon ay may natatanging pangkat ng mga pangyayari, walang magkaparehong dalawang kaso. Dapat i-refer ang mga indibidwal at pamilya para makipag-usap sa isang respetadong abugado sa imigrasyon. **Hindi kailanman dapat magbigay ang kawani ng Social Services Agency ng anumang legal na gabay sa mga indibidwal at pamilya.**

15. Nababahala ang mga indibidwal at pamilya tungkol sa pagkapribado (privacy) ng kanilang impormasyon. Paano ginagamit ng Social Services Agency ang impormasyong ibinibigay nila?

Ginagamit ng Social Services Agency ang impormasyong ibinigay upang malaman lang kung kwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo ang mga indibidwal at pamilya. Walang access ang pederal na pamahalaan sa mga system ng Agency para gumawa ng pagkilos sa pagpapatupad ng imigrasyon. Posibleng kailanganin ng Social Services Agency na patunayan ang ibinigay na impormasyon sa isang application para sa benepisyong pampubliko sa pederal na pamahalaan, pero upang makumpirma lang ang pagiging kwalipikado para tumanggap ng mga serbisyo. Hindi ibinabahagi ng Agency ang anumang impormasyon tungkol sa mga miyembro ng sambahayan na hindi nag-a-apply ng mga benepisyo, ang impormasyon lang na ibinigay tungkol sa pampinansyal na sponsor.

16. Kapag itinigil ba ang mga benepisyo ay aalisin ang impormasyon ng kaso sa mga computer system ng CA Department of Social Services?

Mga Madalas Itanong: Mga Pagbabago sa Panuntunan ng Public Charge at Mga Benepisyong Pampubliko

Hindi. Nagpapanatili ng rekord ang mga computer system ng estado at lokal ng lahat ng kaso, kaya magpapatuloy na nasa file ng Social Services Agency ang impormasyon.

17. Saan maaaring makahanap ang mga indibidwal ng karagdagang impormasyon tungkol sa public charge?

- [California Department of Social Services \(Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California\)](#)
- [County Welfare Directors Association of California \(Samahan ng Mga Direktor sa California para sa Kapakanan ng County\)](#)
- [National Immigration Law Center \(Pambansang Sentro para sa Batas sa Imigrasyon\)](#)
- [CA Immigrant Policy Center \(Sentro ng Patakaran sa Imigrante ng California\)](#)

18. Patuloy bang ibabahagi ang impormasyon tungkol sa panuntunan ng public charge?

Oo. Bisitahin ang website ng Mga Ugnayan sa Imigrante ng Agency para sa na-update na [mga mapagkukunan tungkol sa imigrasyon](#). Tingnan ang [Anunsyo sa Publiko tungkol sa public charge](#) para sa karagdagang impormasyon.